Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Los Baños
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
2/F, Municipal Building, National Highway, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna, 4030
Tel. Nos. : (049) 530 2981; 530 2952; 530 2953; 530 2818 Local: 2001

BAGONG PILIPINAS

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPU'T TATLO (43RD) PANGKARANIWANG PULONG NG 12TH SANGGUNIANG BAYAN NOONG HUNYO 8, 2026 NA GINANAP SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Mga Dumalo :

Kgg. Marlo PJ A. Alipon	Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan
Kgg. Miko C. Pelegrina	Kagawad
Kgg. Aldous Amiel B. Perez	Kagawad
Kgg. Muriel Laisa B. Dizon	Kagawad
Kgg. Leren Mae M. Bautista	Kagawad
Kgg. Benedicto S. Alborida	Kagawad
Kgg. Rand Edouard S. De Jesus	Kagawad
Kgg. Myla E. Alinsunurin	Kagawad
Kgg. Jay G. Rolusta	Kagawad
Kgg. Samantha Nicole A. Banasihan – Ortega	Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Di-nakadalo :

Kgg. Gaudencio P. Macatangay	Pangulo ng Liga ng Barangay, O.B.

KAUTUSAN BLG. 2026-2496

KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG ORAS NG CURFEW PARA SA MGA MENOR DE EDAD (MINORS) NA KABATAAN AT "WARDS" SA BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA, NAGLALAHAD NG MGA PAGBUBUKOD, MGA PAMAMARAAN SA PAGPAPATUPAD, MGA INTERBENSIYONG NAKABATAY SA KOMUNIDAD ALINSUNOD SA BATAS REPUBLIKA BLG. 9344, GAYA NG PAGKAKAAMYENDA NITO, AT PARA SA IBA PANG KAUGNAY NA LAYUNIN.

May Akda : Kgg. Benedicto S. Alborida

SAPAGKAT, itinatadhana sa Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o ang *Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991* na ang bawat lokal na pamahalaan ay dapat magsagawa ng mga kapangyarihang kinakailangan at naaangkop upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan at mapangalagaan ang pangkalahatang kapakanan ng mamamayan;

SAPAGKAT, kinikilala ang tungkulin ng bawat lokal na pamahalaan na pangalagaan ang mga bata laban sa kapabayaan, pang-aabuso, pagsasamantala, at iba pang mga sitwasyong maaaring makasama sa kanilang pag-unlad;

SAPAGKAT, ipinasa ang Batas Republika Blg. 9344 o ang *Juvenile Justice and Welfare Act of 2006*, gaya ng pagkakaamyenda ng Batas Republika Blg. 10630, upang matiyak na ang mga batang may paglabag sa batas ay tinatrato sa paraang makatao, makatarungan, at nakatuon sa rehabilitasyon at interbensiyong nakabatay sa komunidad sa halip na pagpaparusa;

SAPAGKAT, nagpalabas ang Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal o DILG ng Memorandum Circular No. 2026-029 noong Abril 8, 2026 bilang bahagi ng "Safer Cities Initiative" na humihikayat sa mga lokal na pamahalaan na magpatupad ng pamantayang oras ng curfew para sa mga menor de edad mula ika-10:00 ng gabi hanggang ika-4:00 ng umaga;

SAPAGKAT, umiiral sa kasalukuyan ang Kautusan Blg. 2018-1715 ng Bayan ng Los Baños na nagtatakda ng curfew para sa mga menor de edad, subalit kinakailangang amyendahan at palakasin ang ilang probisyon nito upang umayon sa pinakahuling pambansang patakaran, jurisprudence, at mga prinsipyong nakapaloob sa Batas Republika Blg. 9344;

SAPAGKAT, binigyang-diin ng Korte Suprema na ang mga curfew ordinance ay kinakailangang maglaman ng makatwirang mga pagbubukod upang hindi malabag ang mga pangunahing karapatan at kalayaan ng mga menor de edad;

SAPAGKAT, nakatanggap ang Sangguniang Bayan ng Los Baños ng Joint MPOC/MADAC Resolution No. 2026-07 na humihiling sa pag-amyenda ng umiiral na curfew ordinance upang maisama ang mga pamantayang exemption, protocol, at enforcement guidelines na itinakda sa DILG Memorandum Circular No. 2026-029;

KAYA DAHIL DITO, sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Benedicto S. Alborida, na sinang-ayunan nina Kgg. Miko C. Pelegrina at Kgg. Rand Edouard R. De Jesus, at isang-pusong inaprubahan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan,

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA SA PULONG NA ITO ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. **MAIKLING PAMAGAT.** Ang Kautusang ito ay tatawaging: "Bagong Kautusan sa Curfew para sa mga Menor de Edad ng Bayan ng Los Baños."

SEKSYON 2. **DEKLARASYON NG POLISIYA.** Polisiya ng Pamahalaang Bayan ng Los Baños na pangalagaan ang kapakanan, kaligtasan, moralidad, at maayos na pag-unlad ng mga menor de edad sa pamamagitan ng makatao, makatarungan, at child-sensitive na pagpapatupad ng curfew alinsunod sa Republic Act No. 9344 at iba pang umiiral na batas, sa pakikipagtulungan ng Barangay Council for the Protection of Children (BCPC), Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO), mga paaralan, magulang, at iba pang sektor ng pamayanan.

SEKSYON 3. **KAHULUGAN NG MGA SALITA.** Para sa layunin ng Kautusang ito, ang mga sumusunod na termino ay bibigyang-kahulugan:

a. Menor de Edad – tumutukoy sa sinumang indibidwal na wala pang labingwalong (18) taong gulang;
b. Ward – tumutukoy sa menor de edad na nasa ilalim ng kustodiya o pangangalaga ng isang tagapatnubay o kamag-anak;
k. Magulang o Taga-patnubay – tumutukoy sa magulang, legal guardian, kamag-anak, o sinumang may legal o aktwal na pangangalaga sa menor de edad;

d. Oras ng Curfew – tumutukoy sa oras mula ika-10:00 ng gabi hanggang ika-4:00 ng umaga;
e. Interbensiyon – tumutukoy sa mga programang panggabay, counselling, community-based activities, o iba pang hakbang na nakatuon sa rehabilitasyon at wastong paghubog ng menor de edad at kanilang pamilya;
g. Pampublikong Lugar – tumutukoy sa mga lansangan, parke, plaza, terminal, pampublikong gusali, bakanteng lote, tindahan, internet café, videoke establishments, at iba pang lugar na bukas at naaabot ng publiko.

SEKSYON 4. **PAGTATAKDA NG ORAS NG CURFEW.** May ipapataw na oras ng "curfew" sa mga menor de edad na kabataan at "wards" sa Munisipalidad ng Los Baños mula ika-10:00 ng gabi hanggang kinabukasan ng ika-4:00 ng umaga.

SEKSYON 5. **MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN.** Ipinagbabawal sa mga menor de edad at "wards" ang pananatili, paggala, pagtambay, o pag-ikot sa mga pampublikong lugar sa loob na nasasakupan ng Bayan ng Los Baños sa oras ng curfew.

SEKSYON 6. **MGA HINDI SAKLAW NG CURFEW.** Hindi saklaw ng Kautusang ito ang mga sumusunod:

a. Mga menor de edad na may kasamang magulang, legal guardian, o kamag-anak hanggang ikatlong antas ng pagkakamag-anak;
b. Mga working students o menor de edad na may trabaho, basta't may dalang valid Company ID, work permit, o sertipikasyon mula sa employer;
k. Mga menor de edad na dumadalo o pauwi mula sa opisyal na aktibidad ng paaralan gaya ng night classes, academic competitions, trainings, at sports activities, basta't may School ID o katibayan ng pagdalo;
d. Mga menor de edad na kalahok sa gawaing panrelihiyon, civic activities, peaceful assemblies, o iba pang aktibidad na saklaw ng kanilang constitutional rights;
e. Mga menor de edad na may kagyat na lakad kaugnay ng emergency o medikal na pangangailangan gaya ng pagbili ng gamot o paghingi ng tulong medikal;
g. Mga menor de edad na nasa biyahe lamang o dumaraan sa loob ng munisipalidad sakay ng sasakyan at hindi naman tumatambay;
h. Mga menor de edad na naghahanap ng kaligtasan dahil sa kalamidad, sakuna, sunog, lindol, pagbaha, o iba pang public emergencies;
i. Mga menor de edad na dumadalo sa opisyal na programa ng barangay, pamahalaan, o kinikilalang organisasyon.

SEKSYON 7. PAMAMARAAN SA PAGPAPATUPAD.

a. Ang mga mahuhuling menor de edad sa panahon ng curfew ay maayos na dadalhin sa pinakamalapit na barangay hall, police assistance desk, o MSWDO desk para sa wastong pagproseso;
b. Ang kinauukulang Barangay Council for the Protection of Children (BCPC) ay dapat maabisuhan at makiisa sa pagproseso, documentation, intervention, at monitoring ng mga menor de edad na nasasangkot sa paglabag sa Kautusang ito;
k. Hindi maaaring ikulong, posasan, takutin, saktan, o tratuhing parang kriminal ang menor de edad;
d. Kaagad na tatawagan o ipagbibigay-alam sa magulang o taga-patnubay ang pagkakahuli sa menor de edad;
e. Ang lahat ng aksyon ay dapat nakaayon sa child-sensitive handling procedures sa ilalim ng Republic Act No. 9344;
g. Ang pangalan at pagkakakilanlan ng menor de edad ay dapat manatiling kumpidensyal.

SEKSYON 8. MGA INTERBENSIYON AT RESPONSIBILIDAD NG MAGULANG. Sa halip na pagpapataw ng pagkakakulong o pinansyal na parusa sa menor de edad, ang sumusunod na hakbang ay ipatutupad sa pangunguna ng MSWDO at katuwang ang BCPC:

a. Unang Paglabag – Admonition o pagsaway sa menor de edad at sa kaniyang magulang o taga-patnubay; Pagpapayo at counselling sa menor de edad at magulang o taga-patnubay;
b. Ikalawang Paglabag – Ang magulang o taga-patnubay ay maaaring patawan ng multang hindi lalampas sa Isang Libong Piso (Php 1,000.00) at Kinakailangang pagdalo sa seminar para sa responsableng pagkamagulang, seminar sa paggabay sa mga bata, o programang pangkomunidad para sa interbensiyon.
k. Ikatlo at mga Sumunod Pang Paglabag – Ang magulang o taga-patnubay ay maaaring patawan ng multang hindi lalampas sa Isang Libo at Limang Daang Piso (Php 1,500.00) at kinakailangang lumahok sa mas malalim na intervention programs, family conferences, at iba pang restorative at community-based measures na itatakda ng Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) at Barangay Council for the Protection of Children (BCPC).

Sa ikatlo at mga susunod pang paglabag, bukod sa mga umiiral na multa at/o pagkakakulong na nakasaad sa Kautusang ito, maaaring ipag-utos ng hukuman ang pagsasagawa ng community service bilang karagdagang o alternatibong kaparusahan, alinsunod sa mga umiiral na batas at regulasyon.

SEKSYON 9. MGA TAGAPAGPATUPAD. Ang Kautusang ito ay ipatutupad ng:
a. Philippine National Police (PNP) – Los Baños;
b. Public Order and Safety Office (POSO);

k. Mga Punong Barangay at Barangay Tanod;
d. Barangay Council for the Protection of Children (BCPC);
e. Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO);
g. Women and Children Protection Desk Officers; at
h. Iba pang kinauukulang tanggapan ng pamahalaang bayan.

SEKSYON 10. **PAGBALANGKAS NG MGA TUNTUNIN AT REGULASYON SA PAGPAPATUPAD (IMPLEMENTING RULES AND REGULATIONS).** Sa loob ng animnapung (60) araw mula sa pagkakabisa ng Kautusang ito, ang Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO), sa pakikipagtulungan ng Barangay Council for the Protection of Children (BCPC), Philippine National Police (PNP), Public Order and Safety Office (POSO), Liga ng mga Barangay, at iba pang kinauukulang tanggapan, ay magbabalangkas ng mga kaukulang Implementing Rules and Regulations (IRR) para sa maayos, pare-pareho, at child-sensitive na pagpapatupad ng Kautusang ito alinsunod sa Republic Act No. 9344 at iba pang umiiral na batas, alituntunin, at regulasyon.

SEKSYON 11. **SUGNAY SA PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling may bahagi o probisyon ng Kautusang ito na ideklarang labag sa batas o unconstitutional, ang ibang bahagi nito na hindi apektado ay mananatiling may buong bisa at epekto.

SEKSYON 12. **SUGNAY SA PAGPAPAWALANG-BISA**. Lahat ng mga ordinansa, kautusan, resolusyon, o bahagi nito na hindi naaayon sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang-bisa o inaamyendahan nang naaayon.

SEKSYON 13. **PAGKAKABISA.** Ang kautusang ito ay magiging epektibo labinlimang (15) araw matapos pagtibayin at naipaskel sa lahat ng lugar na maaaring mabasa ng mga mamamayan.

PINAGTIBAY : Hunyo 8, 2026

PINATUTUNAYAN KO ang Kawastuhan ng Kautusang ito.

DONNA T. ALBORIDA – DIZON
Kalihim para sa Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. MARLO PO A. ALIPON, MPA, REE, RMP
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. NEIL ANDREW N. NOCON
Punumbayan